



Santa Clara County
**PUBLIC
HEALTH**

MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA



PARA SA PAG-UULAT NG KASO
NG PAARALANG K-12,
PROGRAMANG PANG-ATLETIKO
NG KABATAAN, AT IBA PANG
MGA PROGRAMA NG KABATAAN

Ipinalabas: Pebrero 25, 2021

sccgov.org/coronavirus

Epektibo: Pebrero 26, 2021

County ng Santa Clara

Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040



MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA PARA SA PAG-UULAT NG KASO NG PAARALANG K-12, PROGRAMANG PANG-ATLETIKO NG KABATAAN, AT IBA PANG MGA PROGRAMA NG KABATAAN

Mangyaring kumpirmahin na ang inyong aktibidad ay pinapayagan sa ilalim ng Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estadong tiyak na patnubay para sa ilang mga industriya at aktibidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mandatoryang direktibang ito.

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa [covid19.ca.gov](https://www.covid19.ca.gov).

Ipinalabas: Pebrero 25, 2021

Epektibo: Pebrero 26, 2021

Noong Agosto 28, 2020, ang Estado ay naglabas ng isang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan sa Buong Estado ("Kautusan ng Estado," magagamit [dito](#)) at ang Plano para sa Mas Maligtas na Ekonomiya ("Plano," magagamit [dito](#)). Ang Kautusan at Plano ng Estado ay nagtataguyod ng mga paghihigpit sa buong estado na nalalapat sa bawat "antas" kung saan itinalaga ang mga county.

Ang anumang paaralan ng K-12 o anumang negosyo, organisasyon, o entidad ng pamahalaan na nag-oorganisa o may pananagutan para sa isang programang pang-atletiko ng kabataan o ibang programa ng kabataan ay dapat sumunod sa mga mandatoryang kinakailangan sa Direktibang ito at anumang iba pang naaangkop na Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, ang Pinabagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas noong Oktubre 5, 2020, ang mga naaangkop na paghihigpit sa ilalim ng Kautusan ng Estado at Plano, at ang mga dokumento ng COVID-19 na Patnubay sa Industriya ng Estado. Kapag may pagkakaiba sa pagitan ng mga patakaran ito, dapat sundin ang pinakamahigpit na panuntunan.

Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa Pag-uulat ng Kaso ng Paaralang K-12, Programang Pang-atletiko ng Kabataan, at Iba Pang Mga Programa ng Kabataan (Inilabas ang Kautusan Oktubre 5, 2020)

Pahina 1 ng 4

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Otto Lee, Susan Ellenberg, S. Joseph
Simitian Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

Ipinapaliwanag ng Direktibang ito ang mga kinakailangan sa pag-uulat ng kaso ng COVID-19 na nalalapat sa mga paaralang K-12, mga programang pang-atletiko ng kabataan, at iba pang mga programa ng kabataan. Ang mga kinakailangang pag-uulat na ito ay tumutulong na matiyak na ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ng Santa Clara ay mabilis na malaman ang tungkol sa mga positibong kaso at may impormasyong kinakailangan upang gumawa ng naaangkop na aksyon upang mapigilan ang mga pagsiklab sa mga lugar na ito. **Itong Direktiba ay mahigpit na ipinapatupad, at ang kabiguang sundin ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas Oktubre 5, 2020 ("Kautusan")**. Ang anumang negosyo, organisasyon, o entidad ng pamahalaan na nag-oorganisa o may pananagutan para sa mga sakop na programa na nakilala sa Direktibang ito ay dapat sumunod sa mga kinakailangan sa Direktibang ito.

Ang Kautusan na Inilabas noong Oktubre 5, 2020

Ang Kautusan ay nagpapataw ng ilang mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- **Ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Ang lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno (kabilang ang lahat ng mga grupo, koponan, at organisasyon ng programa ng kabataan) na hindi pa nagagawa ay dapat magkumpleto at magsumite ng isang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa ilalim ng Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Oktubre 5, 2020. **Ang mga Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na isinumite bago sa Oktubre 11, 2020 ay wala ng bisa.** Ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat na mapunan gamit ang na-update na template, na magagamit [dito](#). Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa pinakamahusay sa kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng hindi totooong impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at ito ay dapat magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan.
- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) isang Talaan ng Impormasyon ng Bisita ng Protokol ng Pagdistansya Mula sa Ibang Tao, at dapat na mai-post ang pareho na madaling makikita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay magagamit para sa pag-print pagkatapos ng pagsusumite sa online ng Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao. Ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay tumutukoy ng mga karagdagang kinakailangan sa palatandaan.

- **Limitasyon sa Kapasidad:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat sumunod sa mga limitasyon na itinatag sa [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Limitasyon sa Kapasidad](#).

Tingnan ang [Kautusan](#) at ang [pahina ng FAQ](#) para sa karagdagang mga detalye.

Bilang karagdagan sa mga pangkalahatang kinakailangan na naaangkop sa lahat ng mga negosyo sa ilalim ng Kautusan, ang lahat ng mga programa ng kabataan at mga kalahok sa mga programa ng kabataan ay dapat sumunod sa mga sumusunod na direktiba.

Mga Kinakailangan sa Pag-uulat ng Kaso

1. Kahulugan ng "Mga Sakop na Programa"

- a. Para sa mga layunin ng Direktibang ito, ang isang "sakop na programa" ay anumang programa na pansarili, aralin, pangkat, kampo, organisadong aktibidad na pang-atletiko o pang-libangan, o aktibidad na pang-edukasyon o hindi pang-edukasyon, bayad man o libre, kung sa isang beses o paulit-ulit na batayan, na kabilang ang isa o higit pang mga kalahok sa kabataan.
 - i. Para sa mga layunin ng Direktibang ito, ang isang "kabataan" ay isang taong wala pang 18 taong gulang.
 - ii. Ang isang programa ay itinuturing na isang "sakop na programa" kung may kasamang isa o higit pang mga kalahok na kabataan, kahit na nagsasama rin ito ng mga adult na kalahok.
- b. Kasama sa mga sakop na programa, ngunit hindi limitado sa: mga programa sa pangangalaga ng bata; mga preschool; mga summer school; mga programa sa afterschool; mga sentro ng pagpapayaman ng akademiko; mga programang nagbibigay ng pangangasiwa at suporta para sa mga kabataan na nakikilahok sa distansya/remote o independiyenteng pag-aaral ("mga hub ng pag-aaral sa distansya"); mga klase ng sayaw; aralin sa musika; nakaayos ng mga aktibidad na pang-libangan at pang-atletiko para sa kabataan, kabilang ang mga koponan, kampo, aralin, kasanayan, at kumpetisyon; mga aktibidad na pang-edukasyon o hindi pang-edukasyon na nagaganap sa isang K-12 na paaralan; at anumang iba pang koponan, kampo, aralin, o libangang programa na may isa o higit pang kalahok na kabataan.

2. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat ng COVID-19

- a. Ang lahat ng mga sakop na programa ay dapat magtalaga ng isang taong responsable para sa pamamahala ng proseso ng pag-uulat ng kaso ng programa at para sa pagsagot sa pagsusulat mula sa County na nauugnay sa COVID-19 at pagsunod sa mga kinakailangan ng Direktibang ito ("Tagatalaga sa COVID-19").
- b. Dapat mangailangan ang tagatalaga ng COVID-19:
 - i. Na ang lahat ng mga kalahok na adult sa sakop na programa (kabilang ang mga nagtuturo, mga pinuno ng pangkat, coach, tauhan na pagsuporta, at iba pang mga adult na kalahok, kung mayroon man) ay agad na nag-uulat sa tagatalaga ng COVID-19 kung nasuri silang positibo para sa COVID-19.
 - ii. Na ang mga magulang/tagapag-alaga ng lahat ng kalahok na kabataan sa programa ay agad na nag-uulat sa tagatalaga ng COVID-19 kung ang kanilang kalahok na kabataan ay nasuring positibo para sa COVID-19.
- c. Kung ang sinumang kalahok sa programa (kabataan o adult) ay nagsimulang magpakita ng mga sintomas ng COVID-19 o nalaman na nasuri silang positibo para sa COVID-19 habang nakikilahok sa isang aktibidad ng programa, dapat kailanganin na ang kalahok na umuwi kaagad o maghintay sa isang bukod na lugar hanggang sa maihahatid sila sa bahay o sa isang pasilidad ng healthcare, sa lalong madaling maisagawa.
- d. Kailangang magbigay-alam ang tagatalaga ng COVID-19 ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ng Santa Clara sa loob ng 4 na oras kapag nalaman na ang sinumang kalahok ng programa ay nasuring positibo para sa COVID-19 gamit ang Portal ng Pag-uulat ng Kaso sa Edukasyon at Nakipagsalamuha sa [sccgov.org/childcare](https://www.sccgov.org/childcare).

3. *Ang follow-up mula sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan*

- a. Ang lahat ng mga sakop na programa ay dapat sumunod sa anumang mga kahilingan ng follow-up na impormasyon, imbestigasyon ng kaso at pagsubaybay ng nakipagsalamuha, at anumang mga pamamaraang remedyo (kabilang, halimbawa, pansamantalang pagsara) na dinirekta ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan bilang tugon sa mga naiulat na mga kaso.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa mga madalas na mga katanungan tungkol sa industriya na ito at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.